# MULA SA PATNUGOT

## Pagpupugay kay Melchora Aquino, Bayani, Sa Okasyon ng Kanyang Ika-200 Kaarawan

Enero 6, 2012. Ito ang ika-200 taong anibersaryo ng araw ng kapanganakan ni Melchora Aquino, mas kilala sa tawag na Tandang Sora. Isa sa mga itinuturing na bayani ng Rebolusyong 1896, naging kanlungan ng mga Katipunero ang kanyang bahay sa Banlat. Hindi naging hadlang ang kanyang edad na 84 taon upang makatulong sa ipinaglalaban ng mga Pilipino. Kahit nahuli at kwinestyon ng mga sundalong Espanyol, hindi niya ipinagkanulo ang sekreto ng Katipunan, na naging dahilan upang siya ay maeksilo sa Guam.

Upang bigyang-pugay ang bayaning ina, asawa, at rebolusyonaryo, nagtipon ang mga kinatawan mula sa Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan (College of Social Work and Community Development/ **CSWCD**), Departamento ng Kasaysayan ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (History Department, College of Social Sciences and Philosophy/ **CSSP**), Sentro ng Unibersidad sa Aralin Ukol sa Kababaihan (UP Center for Women's Studies/ **UP CWS**), Opisina Ukol sa Kasarian (Diliman Gender Office/ **DGO**), at ang Opisina Laban sa Pang-aabusong Seksuwal (Office Against Sexual Harassment/ **OASH**). Noong Marso 1 – 3, 2012, ginanap ang pambansang akademikong kumperensiya bilang paggunita sa Bicentennial ng kapanganakan ni Tandang Sora.

Paano nagsimula ang lahat?

Hulyo, 2011. Nakatanggap ako ng tawag mula kay Prop. Rosalinda Pineda-Ofreneo, Dekano ng CSWCD, upang anyayahan ang aming Departamento na maging bahagi ng Steering Committee na magpaplano ng mga gawain para sa nalalapit na ika-200 anibersaryo ng kapanganakan ni Tandang Sora. Kabilang sa mga napagkasunduang aktibidad ang pagtanghal ng eksibit, pagpili ng indibidwal na magwawagi ng Gawad Tandang Sora, at pagdaraos ng isang akademikong kumperensiya. Upang mabigyan ng karampatang pagkilala ang muhon na ito sa kasaysayan, inanyayahan din ng Tandang Sora Steering Committee na makilahok sa pagdiriwang ang Pamahalaang Lokal ng Lungsod Quezon (**Quezon City government),** ang National Historical Commission of the Philippines (**NHCP**), at ang National Commission for Culture and the Arts (**NCCA**), na kanila namang pinaunlakan.

Matapos ang walong buwang pagpaplano, matagumpay na naipatupad ang multidisiplinaryong kumperensiya. Napagpasiyahan ng Komite na ang angkop na paggunita sa kabayanihan ni Tandang Sora ay hindi dapat tumigil sa isang kumperensiya na nadaluhan lamang ng mga akademiko. Higit ang pagnanais na mailathala ang mga binasang papel upang maipakalat ang mga bagong kaalaman kay Tandang Sora sa mas maraming Pilipino, bata man o matanda. Ang resulta ay ang dyornal na inyong hawak, ang una sa dalawang bolyum ng mga pag-aaral sa pamanang kadakilaan ni Melchora Aquino.

Layunin ng dyornal na isapanahon ang kagitingan at kabayanihang ipinamalas ni Tandang Sora para maging makabuluhan ito sa kasalukuyang henerasyon. Samakatwid, bukod sa pagbabalik-tanaw sa kanyang buhay at mga nagawa noong panahon ng Katipunan, ito ay dapat sumasalamin din sa kasalukuyang katayuan ng bawat kababaihang Pilipino. Ipinapakita dito na nagpapatuloy hanggang ngayon ang mga angking katangian na ipinamalas ni Melchora Aquino—lakas, tapang, pagkamalikhain sa harap ng kakulangan ng materyal na yaman, paglilingkod, pagkalinga.

Tatlong maikling sanaysay ang magsisilbing introduksyon sa natatanging dyornal na alay sa ika-200 anibersaryo ng kapanganakan ni Tandang Sora: (1) ang artikulo ni Dr. Ma. Luisa Camagay, Propesor ng Kasaysayan sa UP Diliman, na nagmungkahi ng paraan ng pagsusulat ng kasaysayan na ukol sa kababaihan; (2) ang pagsusuri kay Tandang Sora bilang bayani, sa artikulo ni Dr. Ma. Serena Diokno, kasalukuyang Tagapangulo ng **NHCP,** na nagpakita ng kakaibang tapang sa kabila ng kanyang edad; at, (3) ang patuloy na katuturan ni Tandang Sora sa kasalukuyang panahon, ayon sa pagdadalumat ni Dr. Judy Taguiwalo, dating Faculty Regent ng Unibersidad ng Pilipinas at ngayon ay Direktor ng **CWS.** Sa pinagsamang kaalaman ng tatlong propesor, inaasahang magiging higit na makahulugan para sa mambabasa ang pagbabalik-tanaw at mapanuring pag-aaral kay Melchora Aquino.

Sa sumunod na artikulo, mababasa ang pagbabahagi ng mga Kaanak at Salinlahi ni Tandang Sora—mga apo na nasa ikaapat at ikalimang henerasyon—isinaayos ni Dr. Corazon Veneracion, retiradong Propesor ng CSWCD, na siya ring nagsilbing tagapag-giya ng diskusyon noong Kumperensiya. Matatagpuan ang transkrip ng buong talakayan sa dyornal na ito—hitik sa bagong impormasyon, mga larawan at memorabilia na maaring hindi pa nailalabas sa publiko, at paglalahad ng personal na salaysay ng bilang kaanak ng isang bayani. Ibinahagi din ng pamilya ang kanilang family tree, isang kapaki-pakinabang na biswal upang makilala ang bawat miyembro ng angkan hanggang sa ikalimang henerasyon.

Sa huling artikulong akda ni Sylvia Estrada-Claudio, dating Direktor ng **UPCWS**, inilalatag bilang hamon sa mambabasa ang magkatunggaling ugnayan ng peminismo at nasyonalismo. Talaga nga bang "nagiging mahalaga lang ang ambag ng kababaihan kung nakatutulong sa mga halagahin at gawain ng mga lalaki?" Isang palaisipang matagal nang nasagot ng mga kababaihang hulma kay Tandang Sora.

Ma. Luisa De Leon-Bolinao, Ph.D.
UP Departamento ng Kasaysayan
23 Agosto 2014, sa okasyon ng
Ika-118 Anibersaryo ng Sigaw ng Balintawak